

## PAGPAPAUNLAD NG PROPESYONALISMO TUNGO SA EPEKTIBONG PAGTUTURO

*by:*

**Rina Joy L. Lezada**

*Teacher II, Luakan National High School*

Ang pagpapaunlad ng propesyonalismo ay hindi lamang isang pangunahing aspeto ng tuluy-tuloy na pag-usbong at tagumpay sa anumang larangan, kundi ang kabatiran hinggil dito ay lalo pang tumitindi sa larangan ng edukasyon. Sa dinamikong pagbabago ng mga pamamaraan sa pagtuturo, teknolohiya, at pangangailangan ng mga mag-aaral, napakahalaga na ang mga guro ay maging handa at mapabuti ang kanilang mga kasanayan upang maging masigla at epektibong mga lider. Ang pag-unlad ng pamumuno sa edukasyon ay hindi lamang nakapokus sa mga tungkulin sa administrasyon; ito ay naglalaman din ng kakayahan na magbigay inspirasyon at magturo ng landas sa mga mag-aaral, kasamahan, at maging sa buong komunidad tungo sa pagtatamo ng kahusayan sa larangan ng akademiko. Sa pagsusuri sa mga pagbabago at hamon na nagaganap sa edukasyon, maituturing na pangunahing armas ng mga guro ang pagpapaunlad ng kanilang propesyonalismo. Sa pagpapakita ng kakayahang mag-angkop at magbigay solusyon sa mga bagong hamon, lumalago ang kanilang kakayahan na maging lider na nagdadala ng inspirasyon at gabay. Sa pagsasanib ng teknolohiya, makabagong paraan ng pagtuturo, at pagsusulong ng mga komunidad ng guro, lumalawak ang kakayahan ng mga edukador na makapagtataguyod ng masiglang sistema ng edukasyon.

Ang pag-unlad ng propesyonal o professional development sa edukasyon ay tumutukoy sa isang malawak na iba't ibang uri ng modernong propesyonal na pag-aaral, espesyal na pagsasanay, o pormal na edukasyon na naglalayong tulungan ang mga guro, tagapagturo, at administrador na mapabuti ang kanilang mga kasanayan, kaalaman, at

pagiging epektibo. Ang propesyonal na pag-unlad ay nagpapanatili sa mga guro at administrador na napapanahon sa mga bagong mapagkukunan ng kurikulum, mga bagong natuklasan sa kung paano natututo ang mga bata, at mga bagong teknolohikal na kagamitan para sa silid-aralan. Ang professional development sa edukasyon ay mahalaga dahil ang ginagawa ng mga guro sa silid-aralan ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng propesyonal na pag-unlad, ang mga guro at administrador ay maaaring mapabuti ang kanilang mga kasanayan, kaya nagiging mas mahusay sa kanilang mga trabaho. Dapat matanto ng mga administrador ng paaralan ang mga benepisyong karagdang edukasyon at hikayatin ang mga guro na ituloy ang propesyonal na pag-unlad upang makamit ang pinakamahasag na mga resulta ng pag-aaral para sa mga mag-aaral (McKinley, 2022).

Sa buod, ang pagpapaunlad ng propesyonalismo ay hindi maipagwawalang-bahala sa pag-unlad ng pamumuno sa edukasyon. Ito ay nagiging katalista para sa tuloy-tuloy na pag-unlad, na nagbibigay daan sa mga guro na umangkop sa mga pagbabago, makipagtulungan nang epektibo, at isama ang mga inobatibong pamamaraan sa kanilang pagtuturo. Sa pamamagitan ng patuloy na mga karanasan sa pagkatuto, ang mga guro ay hindi lamang nagiging mas mahusay sa kanilang mga tungkulin kundi nagiging mga lider na nagtataglay ng positibong epekto sa resulta ng mga mag-aaral. Sa Pilipinas, kung saan ang sistema ng edukasyon ay patuloy na nagbabago, mahalaga ang pamumuhunan sa kumprehensibong mga programa ng pagpapaunlad ng propesyonalismo. Ang mga lider sa edukasyon ay dapat bigyang prayoridad ang mga inisyatibang nakatuon sa pakikipagtulungan, mga pamamaraang batay sa ebidensya, at integrasyon ng teknolohiya upang itaguyod ang isang kultura ng tuloy-tuloy na pagpapabuti. Sa pamamagitan ng pagkilala sa kahalagahan ng pagpapaunlad ng propesyonalismo, ang mga guro sa Pilipinas ay maaaring makatulong ng malaki sa pagsasaayos ng sistema ng edukasyon sa bansa, sa huli, ihahanda ang mga mag-aaral para sa tagumpay sa isang palaging nagbabagong pandaigdigang tanawin.

*References:*

McKinley, D. Professional Development.

<https://incompassinged.com/2017/04/19/the-importance-of-professional-development-in-education/>